


Planuhin ang pagtakas sa sunog

Kung magsisimula ang sunog sa inyong bahay, huli na para planuhin ang inyong pagtakas. Sundin ang mga hakbang na ito para maplano kung paano kayo makakalabas.



Hakbang 1

Iguhit ang floor plan ng iyong bahay sa isang papel.

Subukang gumuhit ng dalawang paraan kung paano makakalabas sa bawat silid.



Hakbang 2

Ilagay ang floor plan sa lugar na makikita ng lahat.

Gaya ng pridyider.



Hakbang 3

Pumili ng ligtas na lugar sa labas ng bahay kung saan maaaring magtipun-tipon. Ito ang lugar kung saan magkikita-kita ang inyong pamilya sakaling magkasunog.



Hakbang 4

Sanaying isagawa ang inyong plano.

Sanayin ito sa iba't ibang sitwasyon, gaya halimbawa sa gabi na walang ilaw. Tandaan na gumapang upang maiwasang makalanghap ng usok.



Hakbang 5

Tiyakin na gumagana ang inyong mga smoke alarm.

Panatilihing walang alikabok at mga insekto ang mga ito.

Pag-aralan ang mga batas sa Qld tungkol sa alarma sa usok.

qld.gov.au/smokealarms